http://www.thepoc.net:80/thepoc-features/pinoy-lgbt/pinoy-lgbt-features/9148-libay-linsangan-cantor.html Go
1 capture
9 Aug 2010
JUL AUG SEP
2009 09 2010 2011
About this capture



# 'Porn expression' daw, o!

Saturday, 31 July 2010 12:00 AM | Libay Linsangan Cantor

Share this | Export PDF | Print | E-mail

dilnet1

Ano ang magiging reaksiyon mo kapag nag-search ka sa Internet at biglang hinarang ang search mo dahil sa may nilagay kang mga salita tulad ng “gay” o “lesbian” at sasabihing hinarang ka ng firewall ng Internet provider dahil ang mga hinahanap mong impormasyon tungkol sa mga salitang ito ay “porn expression” daw?

Porn expression pala, ha!

Iyan ang nangyari sa akin nang una kong gamitin ang Internet sa UP Diliman kung saan ako nagsimulang magturo mga limang taon na ang nakakalipas. Ang sistema sa campus na ito ay may sariling campus network na tinatawag nilang Dilnet, na siyang ina-access upang makakabit sa world wide web. Para maka-log in ka, kailangang kalikutin mo ang computer browser mo at may ilalagay kang proxy server ng sistema pati na rin ang iyong assigned UP webmail at password (lahat ng nag-aaral at nagtatrabaho sa UP ay binibigyan nito) para makagamit ka ng Dilnet.

Sa umpisa, naiintindihan ko ang mga paghaharang na ginagawa ng mga tech people na nagpapatakbo ng Dilnet. Una nilang hinarang ang mga social networking sites tulad ng Friendster dahil nakakabagal nga naman ng daloy ng impormasyon ang paggamit nito (at istorbo rin sa trabaho). Pero nang naging popular ang pagkakaroon ng account sa isa sa mga site na ito, partikular na sa Multiply at ngayon naman ay sa Facebook, ay maraming humingi ng permiso na maka-access nito, dahil sa maraming unit sa campus ang gumagamit pala nito para sa kalakaran nila sa kanilang kolehiyo o departamento. Pinagbigyan naman kami, at inalis ng Dilnet ang harang nila sa mga site na ito.

Noong una, di naman tahasang bawal ang mga ito; may oras lang kung kailan sila naka-block. “After office hours” (o lampas 5:00 p.m.) ay puwede na ulit makikalikot ang mga taga-UP sa mga social networking sites na ito. Isa rin sa mga pinagbawal ay ang mga downloading sites kung saan ka puwedeng ilegal na makakuha ng anumang media sa pamamagitan ng peer to peer process. Ang Youtube ay ipinagbawal rin. Sa mga sites na nabanggit ko, ang lumalabas na dahilan kung bakit sila naka-block ay “bandwidth hog” daw sila. Oo nga naman. Hindi kaya ng Dilnet kapag ang karamihan sa mga gumagamit nito ay biglang sabay-sabay na gumamit ng bandwidth hog sites na ito.

Pero “porn expression?”

dilnet2

Dahil sa ako ay konektado sa UP Film Institute, una kong nadiskubre ang prublema ng paghaharang na ito sa aming film programmer. Dahil sa nagpapalabas ang aming theater extension division ng mga sine, siyempre kailangan niyang kumuha ng ilang datos sa Internet tungkol sa mga pelikulang ipapalabas namin. Kaya lang, kapag patungkol na sa “sex and sexuality” ang hinahanap niya, hinaharangan din daw siya ng Dilnet dati. Di lang minsan naming napag-usapan sa aming institute na kumuha na lang ng Internet provider sa labas ng Dilnet dahil sa prublemang ito. Pero dahil nga sa di rin ito posible sa aming budget at infrastructure, di namin siya sineseryoso at nananatili na lang na wishful thinking ang pagkakaroon ng Internet connection na hindi mapanghusga.

Nakakalungkot isipin, ano? Kung ang mga topics sa “sex and sexuality” ay hinaharangan na ng Dilnet, paano

## PINOY LGBT VIDEOS

Get the Flash Player to see this player.
Disclaimer

Opinions
Features
News

## PINOY LGBT RSS

- Atlantans turn out in force to thwart anti-gay rally - Project Q Atlanta
- Bienvenido to welcoming Puerto Vallarta - MiamiHerald.com
- Cheryl Anderson column: Service brings closeted partner violence out in open - Appleton Post Crescent
- Target Boycott Expands Amid Confusion About Protest Goals - DailyFinance
- Rash of DC Anti-Gay Attacks Prompts Cops to Ask Public for Clues - EDGE Boston
- Teens arrested in anti-gay crime charged as adults - The Georgia Voice
- Prop 8 Court Victory: A Reproductive Justice Win Too - RH Reality Check (blog)
- At Target, 'we do not have a political or social agenda' - Minnesota Public Radio

naman kaya ang mga LGBT topics? Dito ko unang nakasalamuha si “porn” o “porn expression.” (At ngayong may wifi na ang building namin, ito naman ay tinaguriang “porn domain” daw.)

Minsan akong naghahanap ng ilang datos para sa research ng papel na isinusulat ko tungkol sa lesbiyana sa pelikula nang harangan ako ng Dilnet sa aking search. Naghahanap ako ng mga titulo ng pelikulang may lesbiyanang tema, at pinupuntahan ko ang aking paboritong lesbian pop culture website na Afterellen at naghahanap din ng ilang titulo sa isang American cable TV company na nagpapalabas ng LGBT content, ang Showtime, nang tumambad sa akin ang paghaharang na ito. Awtomatiko kasing hinaharangan ng sistema ang salitang “gay” at “lesbian” dati dahil porn expression nga raw. Oo, uulit-ulitin ko itong sabihin dahil sa hindi talaga ako makapaniwalang ganito ang tingin ng mga gumawa ng Dilnet firewall sa mga LGBT topics.

Porn expression? Ibig sabihin, ang pagkatao ko—ako bilang lesbiyana—ay isang tumataginting na porn expression para sa kanila? At ang daan-daang lesbian, gay, bisexual at transgender na faculty, lecturer, staff at estudyanteng naglalakad at pumapasok sa UP Diliman araw-araw ay mga naglalakad na porn expression lamang? Nakakaloka. Ano na lang ang sasabihin ni Oblê dito? Kung sabagay, ang UP Oblation nga naman pala ang unang hinarangan ng mga sinaunang taga-UP nang makita nilang walang tapal ang lawit niya, at pinalagyan lamang ng fig leaf ito para matakpan, dahil sa marami yata sa kanila ang na-iskandalo sa likhang sining na ito ni Guillermo Tolentino. Oo, hubad talaga si Oblê noon. Pero nakakaloka dahil isandaang taong nakaraan na pag-iisip pa ito, na nauulit hanggang ngayon? Baka sa ikalawang centennial ng UP ay maiba na ito; tignan natin (o ng ating mga descendants).

Pero balik tayo kay porn expression. Sa baba naman ng pag-block ng site na nais mong puntahan, naglalagay sila ng isang comment box kung saan puwede mong ilagay ang pangalan at status mo (faculty, student, staff) at puwede kang humingi ng pahintulot na mapuntahan o ma-access ang site na gusto mong puntahan kung lalagyan mo ng isang magandang kadahilanan. Aba, siyempre ay nakarinig na sa akin ang mga firewall techies ilang beses na rin, tuwing haharangin nila ako sa mga LGBT researches ko. Ilang beses ko na rin sinabing napaka-homophobic ng kanilang batayan sa paghaharang na ito, at kailangan nilang tanggalin ang ganitong sistema sa unibersidad. Walang lugar dapat ang anumang uri ng diskriminasyon sa isang tinaguriang mapagpalayang eskuwelahan. May kakilala nga akong nag-komento na akala niya ay sa mga relihiyosong kapitbahay ng UP na eskuwelahan lamang niya nakikita ang mga ganitong uri ng paghaharang; talagang tumambling siya nang binanggit ko ang Dilnet porn expression na ito sa eskuwelahan namin.

Oo, porn expression! Talagang galit ako sa terminong ito.

Pero dahil marahil ay marami na ring nagrereklamo dito, napansin kong mula noong nakaraang taon hanggang ngayon, lumuwag na ng kahit papaano ang Dilnet sa kanilang paghaharang ng LGBT topics. Maliban na lang kung tahasang “gay” o “lesbian” site ang pupuntahan mo, makikita mo pa rin ang “porn expression” warning na ito – na nakakakulo pa rin ng dugo. Ang mga naunang site na nabanggit ko ay naa-access ko na ngayon. Pero kapag pumunta ako sa Gay.Com o Lesbian.Com na mga lehitimong website naman at hindi repository ng porn (ang Gay.Com ay isa sa mga sinaunang LGBT social networking sites na masasabing pioneer sa larangang ito na ginagamit namin mula noong 1998 pa, at ang Lesbian.Com ay isang repository ng iba’t ibang links ng mga lesbian resources sa internet na magandang gamitin sa research), ang mga sites na ito ay “porn expression” pa rin ang rason sa paghaharang. May ilan ding blogs na hinaharangan pa rin ng Dilnet kapag may “gay” sa pangalan nito, tulad ng blog ng Pinoy na baklang si Manila Gay Guy at ang Bakla Ako, May Reklamo na mga lehitimong gay blog site ng mga mulat sa LGBT advocacies (at discrimination) na mga baklang bloggers *(Sonicwall firewall also blocks these sites, as of posting time. This may be due to filter algorithms. - Ed)*.

Bilang isa sa mga lesbian bloggers, lesbian rights advocate at UP Diliman faculty, hindi matatapos ang pagtutuos kong ito sa Dilnet system. Hangga’t ginagamit nila sa pagdidikit sa pagkatao namin ang katagang “porn expression” ay patuloy ako/kami sa pagtuligsa ng kanilang homophobia. Wow, “UP, ang galing mo,” sabi ng tagline ng nakaraang centennial celebration. Oo nga, ang galing ng ibang namamalakad dito sa diskriminasyon. Nakakalungkot.

---

***Libay Linsangan Cantor is a Palanca-award winning fictionist and a scriptwriter of children’s TV shows. You can email her at leaflens@gmail.comleaflens@gmail.com . She blogs at leaflens.blogspot.com and leaflenspopmedia.wordpress.com.***

***Photos by the author, courtesy of leaflens.blogspot.com.***

---

Add this page to your favorite Social Bookmarking websites

## Comments

Add New

**Disclaimer:** Comments posted here reflect our readers’ views and not the opinion of The Philippine Online Chronicles.

**Write comment**

Name:

Email:

Send

Please input the anti-spam code that you can read in the image.



Content licensed under Creative Commons by-nc-sa-3.0 Philippines
Attribution-Noncommercial-Share Alike 3.0 Philippines